## ★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 35 ★

NASA KRISIS ANG SISTEMA NG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN NG CALIFORNIA

Ang mga ospital at klinika ng kalusugan ay nagsasara sa mga komunidad sa kanayunan at lungsod sa buong California. Nagsisikip ang mga tao sa mga emergency room. Mahigit 40 ospital sa California ang tumigil sa pag-aalok ng mga serbisyo sa labor at panganganak. Ang mga pasyente ay naghihintay ng ilang buwan upang magpatingin sa doktor para sa mahalagang pangangalagang pang-iwas sa sakit, at madalas na hindi makakuha ng appointment para sa pangangalaga ng espesyalista kapag kinakailangan. Ang krisis sa pangangalagang pangkalusugan ay lumalala dahil ang estado ay naglipat ng mahigit $30 bilyon na pondo ng pangangalagang pangkalusugan sa nakalipas na 15 taon patungo sa ibang mga layunin.

PINAKAMALALA ANG KRISIS PARA SA MGA ANAK NG TAGA-CALIFORNIA AT SA MGA PINAKAMAHINANG POPULASYON

Mahigit 15 milyong taga-California ang umaasa sa Medi-Cal para sa saklaw ng seguro sa kalusugan, kabilang ang mahigit 50% ng lahat ng bata sa estado at mga pamilyang mababa ang kita, mga nakatatanda, at mga taong may kapansanan. Ngunit ang kakulangan ng sapat at patuloy na pagpopondo ay nangangahulugan na ang mga pasyente ng Medi-Cal ay kailangang maghintay ng mga buwan upang magpatingin sa mga doktor sa pangunahing pangangalaga o doktor sa pangangalaga ng puso, mga doktor ng kanser, mga espesyalista sa mga bata, o mga orthopedist.

ANG OO SA PROP. 35 AY NAGBIBIGAY NG NAKALAANG PONDO UPANG MAPABUTI ANG SISTEMA NG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN PARA SA ATING LAHAT—*NANG WALANG PAGTAAS NG BUWIS*.

Ang Prop. 35 ay tutugon sa ating mga pinakaapurahang prIyoridad sa pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng pagtiyak ng nakalaan, patuloy na pondo—nang *walang pagtaas ng buwis sa mga indibidwal*—upang protektahan at palawakin ang access sa pangangalaga sa mga pangunahing manggagamot at mga espesyalista, mga klinika ng kalusugan ng komunidad, mga ospital, mga emergency room, mga tagapagbigay ng pagpaplano ng pamilya at kalusugan ng isip. Pinapalawig ng Prop. 35 ang isang *umiiral* na pataw sa mga kompanya ng segurong pangkalusugan na kung hindi man ay magtatapos sa 2026. At pinipigilan ng Prop. 35 ang estado na ilipat ang mga pondong ito para sa mga layuning hindi pangangalagang pangkalusugan

ANG OO SA 35 AY ANG NAGPOPROTEKTA AT NAGPAPALAWAK NG ACCESS SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN PARA SA LAHAT NG PASYENTE

Ang Prop. 35 ay naglalaan ng pagpopondo para sa:

- Pagpapalawak ng access sa pangangalagang pangkalusugan na makakaiwas sa pagkakasakit para hindi umasa ang mga pasyente sa masisikip na ER o mga klinika ng agarang pangangalaga bilang kanilang pangunahing pinagkukunan ng pangangalaga.
- Pagbawas ng mga oras ng paghihintay sa mga emergency room
- Pagkuha ng mas maraming mga manggagawa sa unang pagtugon at mga paramediko upang mabawasan ang oras ng pagtugon sa mga emerhensiya.
- Pangunahing pangangalaga at tanggapan ng mga manggagamot
- Mga sentrong pangkalusugan ng komunidad
- Mga OBGYN at pangangalaga ng espesyalista tulad ng pangangalaga sa kanser at pangangalaga sa puso
- Pagpaplano ng pamilya
- Pinalawak na paggamot sa kalusugan ng isip
- Pagsasanay ng manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan upang matugunan ang kakulangan ng manggagawa
- Mga serbisyo para sa mga pasyente ng Medi-Cal upang palawakin ang access sa mga ospital, mga manggagamot, mga sentro ng kalusugan ng kababaihan at mga klinika ng komunidad.

ANG MALALAKAS NA INIAAATAS NA PANANAGUTAN NG OO SA 35 AY TUMITIYAK NA ANG PERA AY GINAGASTOS SA PANGANGALAGA NG PASYENTE

Pinipigilan ng Prop. 35 ang estado na ilipat ang mga pondong ito para sa mga layuning hindi pangangalagang pangkalusugan at nag-aatas na 99% ng mga kita ay dapat mapunta sa pangangalaga ng pasyente. Nililimitahan nito ang mga gastos sa pangangasiwa sa 1%. Panghuli, ang panukala ay nangangailangan ng taunang independiyenteng pagsusuri sa pagganap upang matiyak na ang mga pondo ay ginagastos nang epektibo at ayon sa nilalayon.

ANG PROP. 35 AY SINUSUPORTAHAN NG MGA UNANG TAGATUGON, MGA MANGGAGAWA SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN, MGA MANGGAGAMOT, NARS AT KOALISYON NG DALAWANG PARTIDO

Ang Prop. 35 ay sinusuportahan ng:

- Internasyonal na Kapisanan ng mga EMT at Paramediko
- Planned Parenthood Affiliates of California
- Medikal na Kapisanan sa California
- American Academy of Pediatrics, California
- American College of Obstetricians and Gynecologists—Distrito IX
- Balangay sa California, Kolehiyo ng mga Manggagamot sa Emerhensiya sa Amerika
- Kapisanan sa Pangunahing Pangangalaga ng California
- La Clínica de la Raza
- Kapisanan ng Klinika sa Komunidad ng County ng Los Angeles
- Kapisanang Dental ng California
- Akademya ng mga Pampamilyang Manggagamot sa California

Ang Oo sa 35 ay makakatulong na tugunan ang ating agaran na krisis sa pangangalagang pangkalusugan at maprotektahan ang pangangalagang pangkalusugan para sa lahat ng mga pasyente sa California.

*www.VoteYes35.com*

**Dr. Yasuko Fukuda**, Tagapangulo
American Academy of Pediatrics, California

**Jack Yandell**, Medikal na Tekniko sa Emerhensiya (EMT)
Internasyonal na Kapisanan ng mga EMT at Paramediko

**Jodi Hicks**, CEO
Planned Parenthood Affiliates of California



 Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng alinmang opisyal na ahensiya.

★ **PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 35** ★

# WALANG PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 35 NA ISINUMITE.



Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng alinmang opisyal na ahensiya.